# COMMONSPIRIT HEALTH
## ADDENDUM NG PATAKARAN SA PAMAMAHALA

**ADDENDUM Pananalapi G-003A-1:** **PETSA NA MAGKAKABISA:** Hulyo 1, 2022

**PAKSA:** Tulong sa Pananalapi - California

**MGA KAUGNAY NA PATAKARAN**
Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong sa Pananalapi*
Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-004, *Pagsingil at Mga Koleksyon*

Tulad ng inilarawan sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Ligal G-003, Tulong sa Pananalapi (ang Patakaran sa Tulong sa Pananalapi), ito ay patakaran ng CommonSpirit Health, at ng bawat isa sa mga walang bayad sa buwis na Direktang Kasosyo1 at mga walang bayad sa buwis na Subsidiary2 na nagpapatakbo ng isang Pasilidad ng Ospital (indibidwal na tinukoy bilang isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit at sama-sama bilang Mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit), para magbigay, nang walang diskriminasyon, ng Pang-emergency Pangangalagang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga (gaya ng tinukoy sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi at tinutukoy dito bilang EMCare) para sa lahat ng pasyente sa Mga Pasilidad ng Ospital ng CommonSpirit, nang hindi isinasaalang-alang ang kakayahang magbayad ng isang pasyente.

Ang addendum ng California (Addendum) na ito ay nagdodokumento sa pagsunod ng mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit sa Mga Patakaran sa Pantay na Pagpepresyo ng Ospital na nakabalangkas sa Batas sa Kalusugan at Seguridad ng California (Mga Seksiyon 127400-127446). Ang lahat ng sanggunian sa Mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay tinutukoy dito bilang mga pasilidad na matatagpuan sa Estado ng California. Kung ang anumang probisyon ng Addendum na ito ay sumasalungat sa, o hindi naaayon sa, anumang probisyon ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi o Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Ligal G-004, *Mga Pagsingil at Pagkolekta*, ang Addendum na ito ang mangingibabaw.

---

[1] Ang isang Direktang Kasosyo ay anumang korporasyon kung saan ang CommonSpirit ay ang nag-iisang miyembro ng korporasyon o nag-iisang shareholder, pati na rin ang Dignity Community Care, isang hindi pangkalakal na korporasyon sa Colorado.

[2] Ang isang Subsidiary ay tumutukoy sa isang organisasyon, alinman sa hindi pangkalakal o pangkalakal, kung saan ang isang Direktang Kasosyo ay may kapangyarihan na magtalaga ng limampung porsiyento (50%) o higit pa ng mga bumobotong miyembro ng namamahalang katawan ng nasabing organisasyon o hawak ang limampung porsiyento (50%) o higit pa ng mga karapatan na bumoto sa naturang organisasyon (bilang ebidensya ng mga kapangyarihan ng pagiging miyembro o mga seguridad na nagbibigay ng tiyak na awtoridad sa paggawa ng desisyon sa Direktang Kasosyo) o sa anumang organisasyon kung saan ang isang Subsidiary ay nagtataglay ng gayong kapangyarihan o mga karapatan sa pagboto.


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

## I. MGA KAHULUGAN

**Ang Pangangalagang Pangkawanggawa (Charity Care)** ay nangangahulugan ng buong Tulong sa Pananalapi (hal., 100% na diskwento) sa mga kwalipikadong pasyente na nag-aalis ang buong obligasyong pinansyal ng pasyente at kaniyang tagarantiya na magbayad para sa mga karapat-dapat na serbisyo. Hindi binabawasan ng Pangangalagang Pangkawanggawa ang halaga, kung mayroon man, na maaaring kailangang bayaran ng ikatlong partido para sa mga karapat-dapat na serbisyong ibinibigay sa pasyente. Sa loob ng Addendum na ito, ang Pangangalagang Pangkawanggawa ay naiiba mula sa mga diskwento o iba pang mga uri ng tulong sa pananalapi kapag tinatalakay ang halagang ipinagkaloob sa ilalim ng programa ng Tulong sa Pananalapi bilang isang buong waiver ng balanse ng account (Pangangalagang Pangkawanggawa) kumpara sa isang bahagyang waiver ng balanse ng account (mga diskwento o iba pang mga uri ng tulong sa pananalapi).

**May Disukwentong Pangangalaga** ay nangangahulugan ng bahagyang Tulong sa Pananalapi sa mga kwalipikadong pasyente para alisin ang bahagi ng obligasyong pinansyal ng pasyente at ng kaniyang tagagarantiya na magbayad para sa mga karapat-dapat na serbisyo. Ang May Diskuwentong Pangangalaga ay hindi binabawasan ang halaga, kung mayroon man, na maaaring kailangang bayaran ng ikatlong partido para sa mga karapat-dapat na serbisyong ibinibigay sa pasyente. Ang mga diskuwento na ibinubukod mula sa programa ng Tulong sa Pananalapi ay ang mga karaniwang diskuwento kung saan ang paglalapat ay hindi nakabatay sa kakayahang magbayad.

**Mahahalagang Gastos sa Pamumuhay** ay mga gastos para sa alinman sa mga sumusunod: upa o bayad sa bahay at pagmamantini, pagkain at mga supply sa bahay, mga utility at telepono, damit, mga bayad na pangmedikal at para sa ngipin, insurance, paaralan o pangangalaga sa bata, suporta sa bata o sa asawa, transportasyon at gastos sa sasakyan, kabilang ang insurance, gas at mga pagkukumpuni, mga installment na pagbabayad, labada at paglilinis, at iba pang hindi pangkaraniwang gastusin.

**Pamilya** kasama ang pasyente at: (a) Para sa mga taong labing-walong (18) taong gulang pataas, isang asawa, kinakasama, na tinukoy sa Seksiyon 297 ng Batas sa Pamilya ng California, at mga umaasang anak na wala pang dalawampu't-isang (21) taong gulang, nakatira man sa bahay o hindi. Para sa mga taong wala pang labing-walong (18) taong gulang, isang magulang, tagapag-alagang kamag-anak, at iba pang mga anak na wala pang dalawampu't-isang (21) taong gulang ng magulang o tagapag-alagang kamag-anak.

**Kinikita ng Pamilya**ay tinutukoy na naaayon sa kahulugan ng IRS sa Modified Adjusted Gross Income para sa aplikante at sa lahat na miyembro ng Pamilya ng aplikante. Sa pagtukoy ng pagkakarapat-dapat, maaaring isaalang-alang ng Ospital ang 'mga perang asset' ng Pamilya ng pasyente. Gayunpaman, para sa mga hangaring ng pagpapasiyang ito, hindi kasama sa mga perang asset ang pagreretiro o ipinagpaliban na mga plano sa pagbabayad na kwalipikado sa ilalim ng Internal Revenue Code, o mga hindi kwalipikadong ipinagpaliban na plano sa pagbabayad. Bilang karagdagan, ang unang sampung libong dolyar ($10,000) ng mga perang


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

asset ng Pamilya ng pasyente ay hindi isasama sa pagtukoy ng pagkakarapat-dapat pati na ang 50% ng mga perang asset ng Pamilya ng pasyente na higit sa unang $10,000 ay hindi rin isasama sa pagtukoy ng pagkakarapat-dapat.

**Tulong sa Pananalapi** ay nangangahulugan ng Pangangalagang Pangkawanggawa, May Diskuwentong Pangangalaga o iba pang mga paraan ng tulong sa pananalapi, tulad ng inilarawan sa Addendum na ito. HINDI kabilang sa tulong sa pananalapi ang:

- Hindi nabayarang utang o hindi makolektang bayarin na naitala ng samahan bilang kita ngunit inalis dahil sa kabiguan ng pasyente na magbayad, o ang gastos sa pagbibigay ng naturang pangangalaga sa mga nasabing pasyente;
- Ang pagkakaiba sa pagitan ng gastos ng pangangalaga na ibinigay sa ilalim ng Medi-Cal o iba pang mga programa ng gobyerno na subok na ang pamamaraan o saklaw ng Medicare at ng kinita na nagmula doon;
- Sariling pagbabayad o mga diskuwento sa maagang pagbabayad; o
- Mga pag-adjust ng kontrata sa mga ikatlong partido na tagapagbayad.

**Diskwento sa Paghihirap** ay ang karagdagang diskwento na ibinigay sa isang pasyente na nakasasapat sa mga panukatan na itinatag sa ibaba.

Ang **Pasyente na may Mataas na Medikal na Gastos** ay isang pasyente na may proteksiyon para sa kalusugan at nakasasapat din sa isa sa sumusunod na dalawang criteria: (a) ang taunang mula- sa-sariling-bulsa na mga gastos na natamo ng indibidwal sa Organisasyon ng CommonSpirit Hospital ay higit sa 10% ng Kinikita ng Pamilya sa nakalipas na labindalawang (12) buwan; o (b) ang taunang mula-sa-sariling-bulsa na mga gastos ay higit sa 10% ng Kinikita ng Pamilya, kung magbibigay ang pasyente ng dokumentasyon ng gastos medikal ng pasyente na binayaran ng pasyente o ng Pamilya ng pasyente sa nakalipas na labindalawang (12) buwan.

**Ang Makatwirang Payment Plan** ay isang pinalawig na plano sa pagbabayad kung saan ang mga buwanang pagbabayad ay hindi hihigit sa 10% ng Kinikita ng Pamilya ng pasyente para sa isang buwan, pagkatapos na ibukod ang mga pagbabawas para sa Mahahalagang Gastos sa Pamumuhay. Ang pinalawig na mga plano sa pagbabayad na inaalok ng mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit para tulungan ang mga karapat-dapat na pasyente sa ilalim ng Addendum na ito ay walang interes.

## II. MGA KINAKAILANGAN PARA SA PROGRAMA NG TULONG SA PANANALAPI NG CALIFORNIA

Ang sumusunod na mga kinakailangan ng Addendum na ito ay para sa mga pasyente na tumatanggap ng mga serbisyo sa isang Organisasyon ng Ospital ng Common Spirit Hospital sa Estado ng California.


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

### A. Pangangalagang Pangkawanggawa (Hanggang sa 250% ng FPL)

Ang sinumang pasyente na ang Kinikita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 250% ng FPL, kasama, nang walang limitasyon, ang sinumang pasyente na walang seguro o Pasyente na may Mataas na Mga Gastos Medikal, ay karapat-dapat makatanggap ng Pangangalagang Pangkawanggawa na katumbas ng 100% na diskwento mula sa balanse ng kaniyang account para sa karapat-dapat na mga serbisyong ibinibigay sa pasyente pagkatapos ng pagbabayad, kung mayroon man, ng sinumang (mga) ikatlong partido.

### B. Diksuwento para sa Mga Pasyenteng Walang Insurance at Mga Pasyente na May Mataas na Gastusing Medikal (Mas mababa sa o Katumbas ng 400% ng FPL at Mga Pinahabang Plano sa Pagbayad

Ang sinumang Walang Seguro o Pasyente na may Mataas na Mga Gastos Medikal na hindi kwalipikado para sa Pangangalagang Pangkawanggawa (Charity Care) sa ilalim ng talata (A) sa itaas at na ang Kinikita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 400% ng FPL ay karapat-dapat makatanggap ng May Diskwentong Pangangalaga para sa mga karapat-dapat na serbisyong natanggap ng pasyente at isang walang interes na pinalawig na plano sa pagbabayad. Lilimitahan ng May Diskwentong Pangangalagang ito ang inaasahang pagbabayad para sa mga karapat-dapat na serbisyo sa halagang (i) hindi hihigit sa halaga ng pagbabayad na inaasahang matanggap ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit para sa pagbibigay ng mga serbisyo mula sa Medicare, Medi-Cal, o iba pang programa sa pangangalaga ng kalusugan na ini-sponsor ng gobyerno kung saan lumahok ang ospital, alinman ang pinakamalaki, at (ii) sa lahat ng kaganapan, hindi hihigit sa AGB (tulad ng tinukoy sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi o Financial Assistance Policy) para sa mga karapat-dapat na serbisyong ipinagkakaloob sa pasyente.

Kapag hiniling, ang mga pasyente na tumatanggap ng May Diskwentong Pangangalaga ay bibigyan ng pinalawig na plano sa pagbabayad na walang interes, na magpapahintulot sa pagbabayad ng may diskwentong halaga sa paglipas ng panahon. Ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit at ang pasyente ay dapat makipag-ayos sa mga tuntunin ng plano sa pagbabayad at isasaalang-alang ang Kinikita ng Pamilya at anumang Mahahalagang Gastos sa Pamumuhay. Kung ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit at ang pasyente ay hindi magkasundo sa plano sa pagbabayad, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay dapat magpatupad ng isang Makatuwirang Plano sa Pagbabayad para payagan ang pagbabayad ng may diskwentong halaga sa paglipas ng panahon.

### C. Karagdagang Diskuwento sa Walang Seguro (Mas malaki sa 350% at mas Mababa sa o Katumbas ng 500% ng FPL)

Ang sinumang Walang Segurong Pasyente o Pasyente na may Mataas na Mga Gastos Medikal na may Kinikita ng Pamilya na higit sa 400% subalit nasa o mas mababa sa 500% ng FPL ay karapat-dapat makatanggap ng May Diskwentong Pangangalaga (Discounted Care) para sa mga karapat-dapat na serbisyong natanggap ng pasyente at isang pinalawig na plano


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

sa pagbabayad. Lilimitahan ng diskuwento ang halaga na inaasahang bayaran ng pasyente sa hindi hihigit sa naaangkop na AGB.

Kapag hiniling, ang sinumang pasyente na tumatanggap ng May Diskwentong Pangangalaga na ito ay bibigyan din ng pinalawig na plano sa pagbabayad na walang interes, na nagbibigay-daan para sa pagbabayad ng may diskwentong halaga sa hindi hihigit sa tatlumpung buwan (30) na panahon.

### D. Karagdagang Diskuwento sa Paghihirap

Ang isang pasyente na tumatanggap ng May Diskwentong Pangangalaga, subalit (1) ang pananagutan ay higit pa rin sa 30% ng kabuuan ng (a) kaniyang Kinikita ng Pamilya, at (b) ng kaniyang mga asset na pera, at (2) na walang kakayahan para bayaran ang kaniyang bayarin, na tinutukoy ng isang pagsusuri ng mga kadahilanan tulad ng inaasahang Kinikita ng Pamilya para sa darating na taon at mayroon o inaasahang mga pananagutan sa pangangalaga ng kalusugan ay maaaring bigyan ng isang karagdagang Diskwento sa Kahirapan. Para sa mga layunin ng pagpapasiya ng Diskwento sa Kahirapan na ito, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay hindi isasaalang-alang ang mga asset sa mga plano sa pagreretiro na kwalipikado sa ilalim ng Internal Revenue Code na may bisa sa oras ng pagpapasiya o ipinagpaliban na mga plano sa pagbabayad.

Kung nasasapatan ng pasyente ang lahat na panukatan sa pagka-karapatdapat, makatatanggap ang pasyente ng Diskuwento sa Kahirapan, na babawas sa natitirang pananagutan ng pasyente nang hindi hihigit sa 30% ng suma ng kaniyang (1) Kinikita ng Pamilya ng Pasyente, at (2) pananalaping pag-aari.

Maaari rinna makatanggap ang isang pasyente ng mga diskwento o waiver sa ilalim ng Addendum na ito kung isinasaalang-alang na walang tirahan o pansamantalang naninirahan o kung lumahok sila sa isang pederal, estado, o lokal na pinamamahalaang programa sa pangangalaga ng mahihirap.

### E. Pagbawal sa Paglapat ng Mga Kabuuang Singil

Para sa anumang pangangalaga na sumasailalim sa Addendum na ito (Pang-emergency Pangangalagang Medikal o Medikal na Kinakailangang Pangangalaga), ang netong halaga na bayarin ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na ang isang pasyente na tinutukoy na karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi ay mas mababa kaysa sa kabuuang bayarin para sa naturang pangangalaga. Ang halagang ito ay magiging katumbas ng halagang personal na pananagutan ng pasyente para sa pagbabayad matapos ang lahat ng pagbawas at diskwento (kabilang ang mga diskwento na magagamit sa ilalim ng Addendum na ito) ay inilapat at pagbawas sa anumang halagang binabayaran ng mga tagaseguro. Hindi isasama sa halagang ito ang anumang halaga na kailangang bayaran ng isang insurer bilang kondisyon ng saklaw. Ang isang pahayag sa pagsingil na inilabas ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit para sa pangangalaga na


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

sumasailalim sa Addendum ay maaaring magpahayag ng kabuuang sinisingil para sa naturang pangangalaga at maglapat ng mga allowance sa kontrata, diskwento, o pagbawas sa mga malalaking bayarin, sa kondisyon na ang aktwal na halagang personal na pananagutan ng indibidwal sa pagbabayad ay mas mababa sa kabuuang bayarin para sa naturang pangangalaga.

**F. Mga Pang-emergency Serbisyo ng Doktor**

Ang sinumang pang-emergency na doktor na nagbibigay ng mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya sa isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na may pasilidad sa pangangalagang pang-emergency ay magbibigay ng mga diskwento sa mga pasyente na walang seguro at Mga Pasyente na may Mataas na Gastos Medikal na nasa o mas mababa sa 400% ng FPL.

**G. Mga Aktibidad sa Pagsingil at Pagkolekta**

1. Anumang hindi pa nabayarang balanse na inutang ng mga pasyente o tagagarantiya matapos ang paglalapat ng magagamit na mga diskwento, kung mayroon man, ay maaaring ipasa sa mga pagkolekta. Ang mga pagsisikap sa pagkolekta sa mga hindi nabayarang balanse ay titigil sa paghihintay sa pinal na pagtukoy sa pagkakarapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi. Walang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang gagawa, o papayagan ang paggalaw ng mga ahensiya sa pagkolekta, ng anumang ECA bago ang alinman sa dalawa: (a) paggawa ng isang makatuwirang pagsisikap para matukoy kung ang pasyente ay kwalipikado para sa Tulong sa Pananalapi (Financial Assistance); o (b) 180 araw pagkatapos maipadala ang unang statement ng pasyente. Ang Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta ng CommonSpirit ay available sa website ng Pasilidad ng Ospital.

2. Ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay kukuha ng isang nakasulat na kasunduan mula sa anumang ahensiya na nangongolekta ng mga tatanggapin ng ospital na susunod ito sa mga pamantayan at saklaw ng mga pamantayan ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit. Ang kasunduang ito ay kakailanganin ang kasosyo, subsidiary, o panlabas na ahensiya ng Pagkolekta ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na nangongolekta ng utang na sumunod sa depinisyon ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit at aplikasyon ng isang Makatuwirang Plano sa Pagbabayad gaya ng nakabalangkas sa Addendum na ito. Ang utang ng pasyente ay dapat lamang ibenta sa buyer ng utang sa ilalim ng mga tuntunin na sumusunod sa Seksyon 127425 ng California Health and Safety Code ayon sa pagkakabago nito.

3. Ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit o iba pang itinalaga na Kasosyoo subsidiary ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

hindi dapat, sa pakikitungo sa mga pasyenteng karapat-dapat sa mga probisyon ng charity care o may diskwentong pagbabayad na sumasailalim sa Addendum na ito, ay gumagamit ng mga dekorasyon sa kita o lien sa mga pangunahing tirahan bilang isang paraan ng pagkolekta ng hindi nabayarang bayarin sa ospital.

4. Ang isang ahensiya ng pagkolekta o ibang itinalaga na hindi subsidiary o Kasosyo ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay hindi dapat, sa pakikitungo sa sinumang pasyente sa ilalim ng mga probisyon ng charity care o may diskwentong pagbabayad ng Addendum na ito, ay gumagamit ng mga pag-awas sa kinikita o pagbenta sa pangunahing tirahan ng pasyente bilang isang paraan ng pagkolekta ng hindi nabayarang bayarin sa ospital.

5. Bago simulan ang mga aktibidad sa pagkolekta laban sa isang pasyente o pagbebenta ng utang ng pasyente sa buyer ng utang, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay magbibigay sa pasyente ng isa pang application para sa Pinansiyal na Tulong at malinaw at kapuna-punang nasusulat na abiso na naglalaman ng sumusunod:

   (a) Ang petsa o mga petsa ng serbisyo ng bill na itinalaga sa mga koleksyon o ibinenta; ang pangalan ng entity kung saan itinatalaga ang utang o ibinenta sa; isang pahayag na nagpapaalam sa pasyente tungkol sa pagkuha ng isang naka-itemize na bayarin sa ospital; ang pangalan at uri ng plano ng saklaw ng kalusugan para sa pasyenteng nakatala sa ospital sa oras ng mga serbisyo o isang pahayag na ang ospital ay walang impormasyong iyon; at ang petsa o mga petsa na orihinal na pinadalhan ng paunawa ang pasyente tungkol sa pag- aaplay para sa tulong pinansyal, ang petsa o mga petsa na pinadalhan ang pasyente ng aplikasyon para sa tulong pinansyal, at, kung naaangkop, ang petsa na ginawa ang desisyon sa aplikasyon.
   (b) Isang buod ng mga karapatan ng pasyente na nasa simpleng wika alinsunod sa artikulong ito, ang Rosenthal Fair Debt Collection Practices Act (Titulo 1.6C (simula sa Seksiyon 1788) ng Bahagi 4 ng Dibisyon 3 ng Kodigo Sibil), at ang pederal na Fair Debt Collection Practices Act (Subchapter V (nagsisimula sa Seksiyon 1692) ng Kabanata 41 ng Pamagat 15 ng Kodigo ng Estados Unidos). Dapat ay kasama sa buod ang isang pahayag na ipinapatupad ng Federal Trade Commission ang batas pederal.


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

(c) Isama ang sumusunod na pahayag o anumang karagdagang pahayag na kinakailangan ng pag-amyenda sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California § 127430: “Kinakailangan ng batas ng estado at pederal na ang mga nangongolekta ng utang na tratuhin ka ng makatarungan at pagbawalan ang mga nangongolekta ng utang na gumawa ng maling pahayag o banta ng karahasan, paggamit ng malaswa o masasamang salita, at gumawa ng hindi tamang komunikasyon sa mga ikatlong partido, kabilang ang iyong employer. Maliban sa mga hindi pangkaraniwang pangyayari, ang mga nangongolekta ng utang ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa iyo bago ang 8:00 ng umaga o pagkalipas ng 9:00 ng gabi. Sa pangkalahatan, ang isang nangongolekta ng utang ay hindi maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong utang sa ibang tao, maliban sa iyong abogado o asawa. Ang isang nangongolekta ng utang ay maaaring makipag-ugnayan sa ibang tao para kumpirmahin ang iyong lokasyon o para magpatupad ng isang hatol. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng pagkolekta ng utang, maaari kang makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng telepono sa 1-877-FTC-HELP (382-4357) o online sa www.ftc.gov.”

(d) Isang pahayag na ang mga hindi pangkalakal na serbisyo sa pagpapayo sa kredito ay maaaring magamit sa lugar.

6. Ang abisong kailangan ng (5)(b), (5)(c), at (5)(d) sa itaas ay dapat din na samahan ng anumang dokumento na nagpapahiwatig na ang pagsisimula ng mga aktibidad sa pagkolekta ay maaaring mangyari.

7. Ang mga kinakailangan ng talata (G) ay nalalapat sa entidad na gumagawa ng mga aktibidad sa Pagkolekta. Kung ang isang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay nagtalaga o ibinenta ang utang sa ibang entidad, ang mga obligasyon ay nalalapat sa entidad, kabilang ang ahensiya ng pagkolekta, na gumagawa ng aktibidad sa pagkolekta ng utang.

## III. ABISO SA MGA PASYENTE TUNGKOL SA TULONG SA PANANALAPI

A. **Papel na Kopya ng Buod sa Simpleng Wika.** Aabisuhan at ipaalam ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit sa mga pasyente ang tungkol sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi sa pamamagitan ng pag-aalok ng papel na kopya ng buod ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi sa simpleng wika sa mga pasyente bilang bahagi ng proseso ng pagpasok o paglabas.


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

**B. Abiso ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi sa panahon ng Proseso ng Pagsingil.** Ang abiso ay dapat ibigay sa oras ng serbisyokapag ang pasyente ay may kamalayan at nakakatanggap ng nakasulat na paunawa sa oras na iyon, gayundin bsilang bahagi ng post-discharge billing statement, ang CommonSpirit Hospital Organization ay magbibigay sa bawat pasyente ng isang maliwanag na nakasulat na paunawa na dapat maglaman ng impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong. (Para sa mga karagdagang detalye tungkol sa mga abisong ibinigay na nauugnay sa mga billing statement, mangyaring sumangguni sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Ligal G-004, *Pagsingil at Mga Koleksyon*)

**C. Nakapaskil na Abiso sa Polisiya sa Tulong Pinansiyal**. Ang abiso ng programa ng Tulong sa Pananalapi ng Organisasyon ng Hospital ng CommonSpirit at ang buod ng simpleng wika ay malinaw at kitang-kitang nakapaskil sa mga lokasyon ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na nakikita ng publiko, kasama ang lahat ng sumusunod:

- Emergency department;
- Tanggapan ng pagsingil;
- Tanggapan ng admisyon at nauugnay na lugar;
- Mga silid-hintayan;
- Iba pang outpatient na kapaligiran; at
- Sa iba pang mga lokasyon at setting kung saan malaking bilang ng pasyente ang dumaraan o kung saan ito ay makatuwirang kinakalkula para maabot ang mga pasyente o miyembro ng kanilang pamilya na malamang na nangangailangan ng tulong sa pananalapi (financial assistance) mula sa Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit.
- Malinaw na ipinapakita sa internet website ng ospital, na may link sa mismong patakaran.

**D. Pagpaskil sa Website at Pamimigay ng Kopya kung Hiniling.** Gagawin ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang Addendum na ito, ang form ng Aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi, at buod ng simpleng wika na magagamit sa isang kilalang lugar sa website nito, at dapat gumawa ng mga kopyang papel ng bawat isa na magagamit kapag hiniling ng isang pasyente o miyembro ng kaniyang pamilya at walang bayad, sa pamamagitan ng koreo at sa mga pampublikong lokasyon sa pasilidad, kasama ang, sa minimum, sa emergency department (kung mayroon man) at sa mga lugar ng admisyon.

**E. Mga Rekisito sa Wika.** Dapat tiyakin ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na ang lahat ng nakasulat na abiso, naka-post na mga karatula at brosyur ay naka-print sa naaangkop na mga wika at naibigay sa mga pasyente kung kinakailangan sa ilalim ng naaangkop na mga batas ng estado at pederal.


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

**F. Nakalathalang Impormasyon.** Kung kinakailangan, at hindi bababa sa taunang batayan, ang bawat isa sa mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit sa California (a) ay maglalagay ng anunsiyo tungkol sa pagkakaroon ng Tulong sa Pananalapi sa naturang pasilidad sa isang pahayagan ng pangkalahatang sirkulasyon sa mga pamayanan na pinaglilingkuran ng pasilidad, o (b) maglalabas ng isang pahayag sa press para malawakang isapubliko ang pagkakaroon ng Tulong sa Pananalapi sa ilalim ng Addendum na ito sa mga pamayanan na pinaglilingkuran ng naturang Organisasyon sa Ospital ng CommonSpirit.

**G. Mga Organisasyon sa Komunidad.** Ang bawat isa sa mga Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit sa California ay dapat na makipagtulungan sa mga Kasosyo na organisasyon, manggagamot, mga klinika sa pamayanan, iba pang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga bahay ng pagsamba at iba pang mga organisasyong nakabase sa pamayanan para abisuhan ang mga miyembro ng komunidad (lalo na ang mga malamang na nangangailangan ng Financial Assistance) tungkol sa pagkakaroon ng Financial Assistance sa naturang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit.

**H. Listahan ng Mga Provider ng Polisiya sa Financial Assistance.** Ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay maglalathala ng isang lista ng mga tagapagtustos na naghahatid ng Pang-emergency Pangangalagang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga sa mga pasilidad nito na tutukoy kung aling mga tagapagtustos ang saklaw ng Patakaran sa Financial Assistance at kung alin ang hindi saklaw. Makukuha ang listang ito sa billing website ng bawat pasilidad. Ang mga hardcopy ay maaaring makuha sa mga lugar ng admisyon o pagrerehistro o mga site sa bawat Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit.

## IV. PROSESO NG PAG-SCREEN SA PAGKAKARAPAT-DAPAT NG PROGRAMA SA SEGURO AT NG GOBYERNO

Ang CommonSpirit ay dapat gumawa ng lahat ng makatuwirang pagsisikap para makuha mula sa pasyente o sa kaniyang kinatawan ang impormasyon tungkol sa kung ang pribadong seguro o proteksiyon ng programa ng pangangalagang pangkalusugan na sinusuportahan ng gobyerno ay maaaring ganap o bahagyang sasagot sa mga bayarin para sa pangangalaga na ibinigay ng ospital sa isang pasyente, kasama, subalit hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:

- Pribadong insurance sa kalusugan, kabilang ang insurance o proteksiyon ng plano sa serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na inaalok sa pamamagitan ng Pang-estado o Pederal na Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan;
- Medicare; at
- Medi-Cal (o Medicaid, alinman ang naangkop), ang Children's Services Program ng


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

California, o ibang programa na pinopondohan ng estado at idinisenyo para magbigay ng proteksiyon sa kalusugan.

Inaasahan ng CommonSpirit na ang lahat ng Pasyente na Walang Seguro o Mga Pasyente na may Mataas na Mga Gastos Medikal na ganap na sumunod sa proseso ng pag-screen sa pagkakarapat-dapat.

## V. PROSESO NG APLIKASYON SA TULONG SA PANANALAPI

**A.** Kun ghindi ipabatid ng isang pasyente ang proteksiyon mula sa isang pribadong seguro o programa sa pangangalaga ng kalusugan na suportado ng gobyerno, hihiling ang pasyente ng Tulong sa Pananalapi o tutukuyin ng isang kinatawan ng CommonSpirit Health na maaaring magkwalipika ang pasyente para sa Tulong sa Pananalapi, sa gayon ay gagawin ng CommonSpirit Health ang sumusunod:

- Gagawin ang lahat na makatwirang pagsusumikap para maipaliwanag ang mga benepisyo ng Medi-Cal (o Medicaid, alinman ang naaangkop), at ibang pampubliko o pribadong insurance sa kalusugan o mga programa ng sponsorship, kabilang ang saklaw na inaalok sa pamamagitan ng Pang-Estado o Pederal na Palitan ng Benepisyong Pangkalusugan, sa lahat ng Pasyenteng Walang Seguro sa panahon ng pagpapareh istro. Hihiling ng CommonSpirit sa mga potensyal na karapat-dapat na pasyente na mag-apply para sa mga naturang programa at ibibigay ang mga aplikasyon at tutulungan sila sa pagsagot. Ang mga aplikasyon at pagtulong ay ibibigay bago ang paglabas mula sa ospital para sa mga inpatient at sa loob ng makatwirang haba ng panahon sa mga pasyente na tumatanggap ng pang-emergency o outpatient na pangangalaga.

- Gagawa ng makatuwirang pagsisikap na ipaliwanag ang Patakaran ng Tulong sa Pananalapi ng CommonSpirit at iba pang mga diskwento, kasama ang mga kinakailangan sa pagkakarapat-dapat, sa mga pasyente na maaaring maging kwalipikado para sa Tulong sa Pananalapi, hilingin sa mga potensyal na karapat- dapat na mag-apply, magbigay ng isang Aplikasyon sa Tulong sa Pananalapi sa sinumang interesadong taong maaaring makamit ang mga pamantayan para sa Tulong sa Pananalapi sa punto ng serbisyo o sa panahon ng proseso ng pagsingil at pagkolekta, at magbigay ng tulong sa pagsagot sa aplikasyon.

**B.** Kung ang isang pasyente ay karapat-dapat na mag-apply para sa proteksiyon sa ilalim ng programa ng pangangalagang pangkalusugan na sinusuportahan ng gobyerno para sa mga karapat-dapat na serbisyong natanggap ng pasyente, hindi bibigyan ang pasyente ng Tulong sa Pananalapi maliban kung ang pasyente ay mag-apply at tanggihan ang proteksiyon sa ilalim ng programa sa pangangalagang pangkalusugan na sinusuportahan ng gobyerno. Kung ang isang pasyente ay nag-apply para sa isang programa sa pangangalaga ng kalusugan na sinusuportahan ng gobyerno at tinanggihan ang proteksiyon,


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

ang CommonSpirit ay dapat mabigyan ng kopya ng pagtanggi ng saklaw. Ang aplikasyon ng pasyente para sa proteksiyon sa ilalim ng naturang programa ng pangangalagang pangkalusugan na sinusuportahan ng gobyerno ay hindi dapat hadlangan ang pagkakarapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi mula sa CommonSpirit sa ilalim ng Addendum na ito.

**C.** Sa pagtanggap ng isang nasagutang Aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi mula sa isang pasyente na pinaniniwalaan ng CommonSpirit na maaaring maging karapat-dapat para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan na sinusuportahan ng gobyerno (*hal,* Medi-Cal, Medicaid, CHIP), maaaring ipagpaliban ng CommonSpirit ang pagtukoy kung ang pasyente ay karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi hanggang sa ang aplikasyon ng pasyente sa programa sa pangangalagang pangkalusugan na ini-sponsor ng gobyerno ay mapunan at naisumite, at ang pagpapasiya sa pagkakarapat-dapat ng pasyente para sa naturang programa ay nagawa na.

**D.** Kung hindi napunan at naisumite ng isang pasyente ang Aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi sa loob ng 180 araw pagkalipas ng unang abiso sa pagsingil pagkaraang makalabas, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay maaaring gumawa ng karagdagang mga aktibidad sa pagkolekta, kabilang ang mga ECA, na napapailalim sa pagsunod sa mga probisyon ng Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Ligal G-004, *Pagsingil* at Pagkolekta.

**E.** Napapailalim sa mga talata F at G, na direktang nasa ibaba, hihilingin ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit sa bawat aplikante na ibigay ang dokumentasyon na kinakailangan at makatwiran para matukoy ang pagkakarapat-dapat ng bawat aplikante para sa Financial Assistance. Sa kaganapan na ang aplikante ay hindi makapagbigay ng anuman o lahat ng dokumentong ito, isasaalang-alang ng CommonSpirit Hospital Organization ang kabiguang ito sa paggawa ng pagpapasiya sa pagkakarapat-dapat. Sa ilalim ng naaangkop na mga pangyayari, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay maaaring talikdan ang ilan o lahat ng kinakailangan sa dokumentasyon at aprubahan ang Tulong sa Pananalapi sa pamamagitan ng Presumptive Eligibility Screening o Medi-Cal Eligibility Approval. Idodokumento ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang pag-screen sa account ng pasyente at aabisuhan din ang pasyente nang pagsulat ng pag-apruba.

**F.** Para sa mga layunin ng pagtutukoy kung karapat-dapat ang pasyente na makatanggap ng Pangangalagang Pangkawanggawa, ang dokumentasyon na hiniling mula sa pasyente ay lilimitahan sa mga income tax return o, kung hindi magagamit ang mga income tax return, mga pay stub at mga makatwirang dokumentasyon ng pag-aari, ngunit hindi kabilang ang mga pag-aari sa pagreretiro o mga plano sa ipinagpalibang pagbayad na kwalipikado sa ilalim ng Internal Revenue Code o sa mga hindi kwalipikadong plano sa ipinagpalibang pagbayad. Maaaring kailanganin ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang mga waiver o


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

paglabas mula sa Aplikante at Pamilya ng Pasyente na pinapahintulutan ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit na kumuha ng impormasyon ng account mula sa mga institusyong pampinansyal o pangkomersyo o iba pang mga nilalang na humahawak o nagpapanatili ng mga asset na pera.

**G.** Para sa mga layunin ng pagtukoy kung kwalipikado ang pasyente para makatanggap ng Diniskuwentong Pangangalaga o ibang Tulong Pinansiyal, ang dokumentasyon ng kinikita ay limitado sa mga income tax return, o kung walang magagamit na income tax return, mga pay stub. Dagdag dito, ang Aplikante ay kinakailangang magbigay ng dokumentasyon ng Mahahalagang Gastos sa Pamumuhay sa pangyayaring humiling ang Aplikante ng pinahabang plano sa pagbayad.

**H.** Ang impormasyong nakuha alinsunod sa talata (F) o (G) sa itaas ay hindi dapat gamitin para sa mga aktibidad sa pagkolekta. Hindi ipinagbabawal ng talatang ito ang paggamit ng impormasyong nakuha ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit, ng ahensiya ng pagkolekta, o ng itinalaga nang hiwalay sa proseso ng pagkakarapat-dapat para sa Pangangalagang Pangkawanggawa o may diskwentong pagbabayad.

**I.** Para sa mga layunin ng pagtukoy kung ang isang pasyente ay karapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi, bilang karagdagan sa Kinikita ng Pamilya ng Pasyente, maaari rin na isaalang-alang ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ang masamang maaaring mangyari sa pananalapi kasunod ng petsa ng paglabas o serbisyo ng pasyente, tulad ng kapansanan, pagkawala ng trabaho, o iba pang mga pangyayaring nakakaapekto sa kakayahan ng pasyente na magbayad para sa mga karapat-dapat na serbisyo.

**J.** Ang pagkakarapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi ay maaaring matukoy sa anumang oras na ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay tumatanggap ng impormasyong inilarawan sa Addendum na ito. Gayunpaman, ang Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit ay may kapasyahan na tanggihan ang isang aplikasyon para sa Tulong sa Pananalapi kung hindi ito nai-file sa loob ng Panahon ng Pag-apply.

**K.** Ang impormasyong nakuha mula sa pasyente, Pamilya ng Pasyente, o ligal na kinatawan ng pasyente na nauugnay sa pagtukoy kung ang isang pasyente ay nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagkakarapat-dapat para sa Tulong sa Pananalapi tulad ng inilarawan sa Addendum na ito ay hindi dapat gamitin para sa mga aktibidad ng pagkolekta.

**L.** Kung ang isang pasyente ay nag-apply at karapat-dapat na makatanggap ng higit sa isang diskwento, ang pasyente ay may karapatang makatanggap ng pinakamalaking isahang diskwento kung saan kwalipikado ang pasyente maliban


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

kung ang kombinasyon ng maraming diskwento ay malinaw na pinahihintulutan ng mga patakaran ng CommonSpirit.

**M.** Para sa isang pasyente na Walang seguro, o para sa isang pasyente na nagbibigay ng impormasyon na maaaring siya ay isang Pasyente na may Mga Mataas na Gastos Medikal, isang Organisasyon sa Ospital ng CommonSpirit, sinumang itinalaga ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit, o iba pang may-ari ng utang ng pasyente, kabilang ang isang ahensiya ng pagkolekta, ay hindi dapat mag-ulat ng masamang impormasyon sa isang ahensiya ng pag-uulat ng kredito ng Mamimili para sa hindi pagbabayad sa anumang oras bago ang 180 araw pagkatapos ng unang pagsingil.


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit

## Programa sa Patas na Pagsingil ng Ospital sa California

**PAUNAWA**:
Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa (805) 389-5642 o bisitahin ang St. John's Hospital Camarillo. Bukas ang opisina nang 8am-4:30pm at matatagpuan ito sa St. John's Hospital Camarillo, 2309 Antonio Avenue, Camarillo, CA 93010 Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan, tulad ng mga dokumentong nasa braille, malaking print, audio, at iba pang maaaring makuhang elektronikong format. Libre ang mga serbisyong ito.

### Tulong sa Pagbabayad ng Iyong Bayarin
May mga libreng organisasyon sa pagtataguyod ng consumer na tutulong sa iyong maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad. Maaari kang tumawag sa Health Consumer Alliance sa 888-804-3536 o pumunta sa healthconsumer.org para sa higit pang impormasyon.

### Programa sa Reklamo sa Bayarin sa Ospital
Ang Programa sa Reklamo sa Bayarin sa Ospital ay isang programa ng estado, na sumusuri sa mga pasya ng ospital tungkol sa kung kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong bayarin sa ospital. Kung naniniwala kang hindi dapat tinanggihan ang pagbibigay sa iyo ng tulong pinansyal, maaari kang maghain ng reklamo sa Programa sa Reklamo sa Bayarin sa Ospital. Pumunta sa HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.


© Copyright 2021-2022 CommonSpirit Health. Para Lamang Sa Panloob Na Paggamit